# SA TAPAT NG TINDAHAN NI MANG TEBAN - 2nd prize – Maikling Kuwentong Pambata 2011

Sikat ang bayan ng San Honorico dahil sa tindahan ni Mang Teban. Sa tapat ng tindahan ni Mang Teban kasi laging makikita ang tambay na si Lamberto Ang at ang bantay ng tindahan na si Nardita Carpio na nagtatalo kung kaninong lolo ang mas magaling.

Sa pagtagal, kung hindi madadaan sa kuwento ang pasikatan, kailangang ipakita sa gawa. Sa mga paligsahan ng lakas, bilis, at taas ng talon, bibigyang wakas nina Berto at Dita ang kanilang pagtatalo.

SA TAPAT NG TINDAHAN NI MANG TEBAN

Sa tabi ng simbahan ng Santa Dolores sa bayan ng San Basilio, matatagpuan ang lawa ng Ligos. Lampas ng lawa ng Ligos, matapos matawid ang limang bundok, tatlong burol, at pitong palayan, ay matatagpuan na ang bayan ng San Honorico.

Sikat ang bayan ng San Honorico. Mahusay magpaputi ng damit ang mga labandero't labandera doon. Masarap at masagana ang ani ng bigas ng mga magsasaka.

Pero ang pangunahing dahilan sa kasikatan ng San Honorico ay ang tindahan ni Mang Teban. Sa tapat ng tindahan ni Mang Teban kasi laging makikita ang tambay na si Lamberto Ang at ang bantay ng tindahan na si Nardita Carpio.

Sa unang tingin, mukhang karaniwan sina Berto at Dita.

Madungis si Berto at hindi nag-aahit. Makikita siyang nakaupo sa bangko sa tapat ng tindahan, nagkakamot ng tiyan at nagkukutkot ng kuko sa paa. Si Dita naman, habang nagbabantay ng tindahan, ay suklay nang suklay hanggang maging nakakasilaw sa kintab ang kanyang buhok. Pero hindi ang itsura nila ang dinadayo ng mga tao kundi ang kanilang pagtatalo.

Araw-araw nagtatalo sina Berto at Dita kung kaninong lolo ang mas magaling.

"Kaya ako nagbabantay ng tindahan," wika ni Dita, "ay dahil madudurog lang ang araro sa kamay ko. Ganyan kasi kalakas ang lolo ko."

"Kaya hindi ako naliligo," wika ni Berto, "dahil noong maligo ang lolo ko, namatay ang buong ilog sa dumi niya."

At mauuwi ang pagtatalo kung ano ang mas nakakatakot: ang makasira ng araro gamit ang kamay, o makapatay ng isang ilog sa pamamagitan ng pagligo.

Magsisimula silang magtalo pagpasok ng mga bata sa paaralan, mga magsasaka sa palayan, at ang mga labandero't labandera sa mga bahay-labahan.  Matutuloy ang pagtatalo habang nagtatrabaho ang bayan ng San Honorico.  Kadalasan, patuloy ang away hanggang sa paglubog ng araw.

Naaaliw ang mga bata na panoorin ang away ng dalawa. Bago umuwi mula sa paaralan, dadaan ang mga bata sa tindahan ni Mang Teban para panoorin sina Dita at Berto na mag-away.

"Ang lolo ko," wika ni Dita, "tumalo ng isang engkanto."

"Isang engkanto?" ang tawa ni Berto, "Ang lolo ko, tumalo ng limampung hukbo.  Sa loob ng iisang araw!"

At magtatalo naman ang dalawa kung alin ang mas nakakatakot: ang isang engkanto o limampung hukbo.  Parating nauuwi ang pagtatalo nina Berto at Dita sa pataasan ng boses.

"Puwes," wika ni Berto. "ang lolo ko, nilamon ng pating, nabuhay pa!"

"Ang lolo ko naman," sagot ni Dita, "nagtutulak ng dalawang bundok."

Pati ang mga magsasakang nagsisiuwi na mula sa trabaho ay napapatigil para pakinggan ang dalawang nagpapaligsahan.  Nakikisali rin sila sa pagtatalo.  Alin nga ba ang mas magaling? Ang mabuhay pagkatapos malamon ng pating o ang makapagtulak ng dalawang bundok?

Hindi nagtagal, naging lugar libangan ang tapat ng tindahan ni Mang Teban.  Kung minsan may mga dumadayo pa mula sa ibang bayan para panoorin ang dalawa na mag-away.

Isang araw, luminaw kay Dita na hindi magpapatalo si Berto sa kahit anong sabihin niya.

Sinigaw nito, "E puro ka kuwento tungkol sa lolo mo.  Ikaw, ano'ng kaya mo?"

Bilang sagot sa hamon ni Dita, pumulot si Berto ng isang napakalaking bato. Nakapatong sa bato ang limang kambing at tatlong kalabaw.

Natulala ang mga bata at ang mga magsasaka sa kanilang nakita.  Hindi pala basta-bastang pagmamayabang ang ginagawa ni Berto!

Nagpalakpakan ang mga manonood.

Bago maibaba ni Berto ang bato, binuhat siya ni Dita.

Lumakas ang palakpakan.  Hindi rin pala puro kuwento si Dita!

Narinig ng mga labandero't labandera ang ingay.  Lumabas sila sa bahay para makinood sa paligsahan.

Tumakbo si Berto sa paa ng bundok at sinimulan itong itulak.

Hindi ito umusad.

Malakas na tumawa si Dita, at nakisabay ang mga taumbayan.  Namula si Berto.

"E ikaw, kaya mo ba?"

Tinulak ni Dita ang paa ng bundok.

Hindi rin umusad.

Si Dita naman ang namula habang tumatatawa sina Berto at ang mga taumbayan.

"Kung pabilisan na lang tayo?"

Tinawag ng mga taumbayan ang kanilang alkalde para pangasiwaan ang karera nina Berto at Dita.  Nilinaw ng alkalde sa dalawa ang daan na kanilang tatakbuhin.

Mula sa tindahan ni Mang Teban, tatakbuhin nina Dita at Berto ang layo ng pitong palayan, tatlong burol, at limang bundok, lalanguyin ang kahabaan ng lawa hanggang marating ang simbahan ng Santa Dolores sa bayan ng San Basilio.  Pagkatapos marating ang ganoong

layo, magkakarera naman sila pabalik sa tindahan ni Mang Teban.  Ito ay habang may dala silang sakong siksik sa bigas.  Panalo ang unang makapatid ng tali sa panimulang marka.

"Kakayanin niyo ba ito?" tanong ng alkalde.

"Opo!" biglang sagot ng dalawa.

Napabuntunghininga ang alkalde.  Umaasa kasi siya na uurong ang dalawa matapos marinig ang kanyang hamon.

Dumating ang araw ng karera.  Nakapila ang mga taumbayan sa daang tatakbuhan nina Berto at Dita.  Nagdatingan rin ang mga tao mula sa kabilang bayan para panoorin ang paligsahan.

Pumuwesto sina Dita at Berto sa panimulang marka sa tapat ng tindahan ni Mang Teban, binuhat ang kani-kanilang sakong siksik sa bigas, at hinintay ang hudyat mula sa alkalde.

"Simulan na!" sigaw ng alkalde.

Napatid ang tali.

"Tapos!"

"Tapos!"

Parang hindi gumalaw sina Dita at Berto sa kanilang puwesto.  Pero dahil naputikan ang kuko sa paa ni Berto at naalikabukan ang buhok ni Dita, hindi mapagkakailang natakbo nila ang buong layo ng karerahan.

"Sino ang panalo?" tanong ng dalawa.

Nanginig ang alkalde.

"W-wala akong nakita!"

Sumigabo ang palakpakan ng mga tao.  Wala rin silang nakita, pero isa lang ang ibig sabihin nito.  Walang kasimbilis sina Berto at Dita.

Pero hindi pa rin masaya ang dalawa.

"E kung pataasan tayo ng lundag?" hamon ni Dita.

"Ang unang lumapag sa lupa, talo!" sagot ni Berto.

Bago pa makapagsalita ang alkalde, lumundag ang dalawa.

Sabay-sabay tumingala ang mga tao. Lumusot sina Berto at Dita sa mga ulap. Naghintay ang mga tao sa kung sino ang unang sasayad ang paa sa lupa.

Lumipas ang minuto, oras, araw, linggo, buwan.

Sa wakas, nagutom na rin ang mga tao at nagsibalikan sa kanilang mga gawain. Binalikan ng mga bata ang mga takdang aralin na hindi nila nagawa. Binalikan ng mga magsasaka ang mga palayan nilang hindi naararo. Binalikan ng mga labandera't labandero ang mga damit na hindi nalabhan. Binalikan ng alkalde na limpak ang papeles na hindi pa niya nasuri. Lahat sila, nag-iisip na meron sana silang kapangyarihan tulad nina Berto at Dita.

Bumalik sa dating gawi ang bayan ng San Honorico.

Ang nagbago lang ay ang tapat ng tindahan ni Mang Teban. Mula nang tumalon sina Berto at Dita, tumahimik ang tapat ng tindahan. At mananatili itong tahimik hanggang hindi pa lumalapag sa lupa ang isa sa kanila.